# Kabanata 11: Huwag Magsuhol, Iulat ang Kurapsyon

## Huwag Magsuhol

Ang pagsusuhol ay isang opensang kriminal sa Hong Kong. Ayon sa Prevention of Bribery Ordinance (PBO), may apat na pangunahing elemento na maituturing nsa isang opensang pagsusuhol.

| Mga Elemento ng Opensang Pagsusuhol | Halimbawa sa Pampublikong Sektor: kapag nagpapatala para sa serbisyo sa pamahalaan | Halimbawa sa Pribadong Sektor: kapag nag-a-apply sa trabaho |
|---|---|---|
| **Sinumang Tao** | Isang aplikante | Isang naghahanap ng trabaho |
| **Nag-aalok ng anumang pakinabang* sa isang empleyado** | Nagbigay ng isang regalo sa isang kawani ng pamahalaan | Nagbigay ng HK$3,000 sa isang manager |
| **Upang ang empleyado ay may gawing isang bagay bilang kapalit kaugnay ng kanyang mga tungkulin** | Upang tumulong ang kawani sa kanyang aplikasyon | Upang matiyak ang trabaho |
| **Walang pag-apruba ng employer** | Walang pag-apruba ng pamahalaan | Walang pag-apruba ng kompanya |

* *Ang pakinabang ay tumutukoy sa anumang bagay na may halaga, tulad ng anumang regalo, gantimpala, komisyon, pautang, katungkulan, serbisyo at pabor.*

Sa mga halimbawa sa itaas, ang aplikante at ang naghahanap ng trabaho ay parehong lumabag sa batas laban sa kurapsyon dahil sa pag-aalok ng suhol. Sinumang empleyado na manghihingi o tatanggap ng naturang pakinabang ay makakagawa rin ng isang opensa. Sa ilalim ng PBO, ***ang maksimum na parusa sa pag-aalok, panghihingi o pagtanggap ng isang pakinabang ay pitong taong pagkabilanggo at multa na HK$500,000***.


## Iulat ang Kurapsyon

Ang kurapsyon ay nagdudulot ng kawalang katarungan at may masamang epekto sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Huwag totolerahin ang kurapsyon at iulat ito sa Independent Commission Against Corruption (ICAC).

- Makakapagsaayos ng serbisyong interpretasyon para sa mga etnikong wika.
- Pananatilihing kumpidensiyal ang inyong pagkatao at impormasyon.
- Hindi na kailangan pang magtakda ng appointment. Makakapag-ulat:
  1) Sa pamamagitan ng telepono: 25 266 366 (24 na oras na hotline)
  2) Nang personal: ICAC Report Centre (bukas 24 na oras) o saan mang ICAC Regional Office
  3) Sa pamamagitan ng koreo: GPO Box 1000, Hong Kong

### Independent Commission Against Corruption

- Ang ICAC ang independiyente at dedikadong ahensya sa Hong Kong na laban sa kurapsyon. Nilalabanan nito ang kurapsyon sa pamamagitanng epektibong pagpapatupad ng batas, pag-iwas at edukasyon.



## ICAC Report Centre at mga Regional Office

| Centre / Regional Office | Address | Hotline | MTR Exit |
|---|---|---|---|
| ICAC Report Centre (24 na oras) | G/F, 303 Java Road North Point, Hong Kong | 25 266 366 | Quarry Bay Station Exit C |
| Hong Kong East | G/F, Tung Wah Mansion 201 Hennessy Road Wan Chai, Hong Kong | 2519 6555 | Wan Chai Station Exit A2 |
| Hong Kong West/Islands | G/F, Harbour Commercial Building 124 Connaught Road Central, Sheung Wan Hong Kong | 2543 0000 | Sheung Wan Station Exit C |
| Kowloon East/ Sai Kung | Shop No. 9, G/F Chevalier Commercial Centre, 8 Wang Hoi Road Kowloon Bay, Kowloon | 2756 3300 | Kowloon Bay Station Exit A |
| Kowloon West | G/F, Nathan Commercial Building 434-436 Nathan Road Yau Ma Tei, Kowloon | 2780 8080 | Yau Ma Tei Station Exit C |
| New Territories East | G06-G13, G/F, Sha Tin Government Offices 1 Sheung Wo Che Road Sha Tin, NT | 2606 1144 | Sha Tin Station Exit A1/B |
| New Territories North West | G/F, Fu Hing Building 230 Castle Peak Road Yuen Long, NT | 2459 0459 | Long Ping Station Exit C |
| New Territories South West | Shop B1, G/F Tsuen Kam Centre, 300-350 Castle Peak Road Tsuen Wan, NT | 2493 7733 | Tsuen Wan Station Exit A3 |

*Mga Oras na Magbubukas ang mga ICAC Regional Office:*
*9:00 am - 7:00 pm, Lunes hanggang Biyernes*
*(Sarado kapag Sabado, Linggo at kung may mga Pampublikong Holiday)*

*ICAC Website: www.icac.org.hk*